

Ika-30 ng Hunyo 2022

## **Hinihimok ang mga magulang na pabakunahan ang mga anak habang tumaas ang mga pagkaka-ospital dahil sa trangkaso**

Ang mga magulang ay hinihimok na pabakunahan ang mga batang may gulang na anim na buwan at mas matanda laban sa trangkaso, kasunod ng malaking pagdami ng bilang ng mga batang ipinapasok sa mga ospital ward at intensive care unit (ICU) dahil sa trangkaso.

Sabi ni Dr Matthew O'Meara, Punong Doktor ng mga Bata at Doktor sa Emerhensya na maagang dumating ang panahon ng trangkaso ngayong taon kung saan magmula noong Abril kulang-kulang sa 700 ang bilang ng mga batang ipinasok sa Sydney Children's Hospitals Network (SCHN) para maalagaan.

"Maaaring napakamalubha ang trangkaso sa mga bata. Habang karamihan sa mga kaso ay kadalasang banayad, 23 sa mga bata ang kinailangang maalagaan sa ICU ngayong taon, ang ilan ay nakakaranas ng mga seryosong komplikasyon katulad ng mga malalang impeksyon sa dibdib, deliryo, pagkawalang-malay at pamamaga ng puso," sabi ni Dr O'Meara.

"Sa SCHN, nakikita namin na maaaring apat na beses na mas marami ang bilang ng mga batang ipinasok sa ospital dahil sa trangkaso kaysa sa COVID-19."

Ang pagbabakuna laban sa trangkaso ay libre para sa lahat na may gulang na anim na buwan at mas matanda sa NSW hanggang ika-17 ng Hulyo sa mga GP at botika. Ang pagbabakuna ng mga bata na wala pang limang taong gulang ay gagawin lamang sa mga klinika ng GP.

"Isa lamang sa bawat limang bata na karapat-dapat mabakunahan sa NSW ang nainiksyonan laban sa trangkaso ngayong taon at kailangang maparami pa ang bilang na ito. Marami pang bakuna na magagamit sa mga botika at GP at hindi pa masyadong huli upang magpabakuna," sabi ni Dr O'Meara.

"Ang mga sanggol at batang immunocompromised ay natatanging mahina sa mga pagkakasakit sa paghinga katulad ng trangkaso, kaya ngayon ay panahon na upang magpainiksyon. Kung ang iyong sanggol ay wala pang anim na buwan at masyadong bata upang mabakunahan laban sa trangkaso, ang pinakamabuting paraan ng pagkaprotekta sa kanila ay ang pagkakabakuna ng lahat ng iba pang mga kapamilya."

Dahil dumarami ang ibang impeksyong dala ng mga virus katulad ng bronchiolitis ang pagkakaalam ng tamang pangangalaga sa tamang oras ay susi sa pagpapanatili ng kaligtasan at kalusugan ng mga bata ngayong taglamig.

“Dapat maging alerto ang mga magulang sa mga sintomas ng trangkaso ngayong taglamig. Karamihan sa mga sintomas kagaya ng ubo, tumutulung ilong o lagnat ay maaaring ligtas na pamahalaan sa bahay sa pamamagitan ng maraming inumin, pahinga at mga panlunas sa kirot katulad ng paracetamol o ibuprofen upang humupa ang lagnat,” sabi ng Dr O’Meara.

“Kung nababahala ang mga magulang, dapat nilang kontakin ang kanilang GP o gamitin ang 24-oras na hotline ng [Healthdirect](#) para sa praktikal na payo sa kalusugan. Kung ang iyong anak ay nahihirapang huminga, masakit ang dibdib o nawawalang malay, tawagan ang Triple Zero (000).”

Ang mga maliliit na bagay ay maaaring malaki ang maibibigay kung tungkol sa paglaban sa pagkalat ng mga virus ngayong taglamig. Lahat ng tao ay makakatulong sa pagpapababa ng peligro para sa kanila o sa ibang tao sa pamamagitan ng:

- pananaliti sa bahay kung masama ang pakiramdam, pagpapasuri sa COVID-19 kaagad at pagbubukod ng sarili
- pagsusuot ng mask sa loob o kung may kahirapang magpanatili ang agwatan
- pagtipon-tipon sa labas o sa maluwang, maaliwalas na mga lugar na nakabukas ang mga pintuan at bintana
- panatilihin ang kalinisan sa pamamagitan ng paghuhugas o paglilinis sa mga kamay nang madalas
- pagpapasuri ng COVID-19 sa pamamagitan ng rapid antigen test bago bumisita sa mga mahihina sa sakit na minamahal o pagpunta sa mga malakihang pagtitipon o kaganapan
- pananatiling up-to-date sa pagbabakuna – laban sa trangkaso at COVID-19.

**Para sa impormasyon tungkol sa pagbabakuna laban sa trangkaso, bumisita sa [www.nsw.gov.au/vaccination](http://www.nsw.gov.au/vaccination)**

**Para sa pangkalahatang payo sa pagangangalaga sa mga bata ngayon taglamig, bumisita sa [www.schn.health.nsw.gov.au/winter](http://www.schn.health.nsw.gov.au/winter)**

**MEDIA CONTACT: Jess Rubinchtein**

Telepono: 0458 234 214

Email: [jessica.rubinchtein@health.nsw.gov.au](mailto:jessica.rubinchtein@health.nsw.gov.au)